

# Tulong mula sa Langit

Sinipi ni
Watson Goodman

Walang bayad —
Hindi ipinagbibili

# TULONG MULA SA LANGIT

Ang babasahing ito ay binubuo ng mga talata mula sa Biblia tungkol sa iba't ibang paksa. Ako'y naniniwalang ang Biblia na rin ang pinaka-mahusay na tagapagpaliwanag ng Salita ng Dios.

Ang Biblia, na Salita ng Dios, ay tunay na sa Langit nanggaling, at nakatutulong nang malaki sa sinumang nauuhaw sa kabanalan. Kung ang tao'y tatalikod sa kasalanan at taus-pusong magpapasakop kay Jesus bilang Panginoon at Tagapagligtas, magpapakahayag sa kanya ang Panginoon, at bibigyan siya Nito ng kagalakan at kapayapaan sa kanyang puso.

Ganyan ang naranasan ko noong taóng 1937. Mula noon ay nagkaroon na ako ng matamis na pakikisama sa Panginoon. Magpasakop ka na sa Kanya NGAYON bilang iyong Panginoon at Tagapagligtas.

—Watson Goodman

---

Ang mga talatang ginamit dito (nang may pahintulot) ay mula sa Bagong Tipan ng *Salita ng Buhay* (© International Bible Society, Philippines), at sa Matandang Tipan ng *Magandang Balita Biblia* (© Philippine Bible Society). Sa *Magandang Balita Biblia*, ginagamit ang *Yahweh* na pangalan ng Dios (sa halip na "Jehova").

Tayo'y makasalanan pa nang mamatay si Cristo alang-alang sa atin. Sa gayon ipinakita ng Dios ang Kanyang pag-ibig sa atin.

—*Roma 5:8*

"Wala nang hihigit sa pag-ibig ng isang taong nagbibigay ng kanyang buhay para sa kanyang mga kaibigan."

—*Juan 15:13*

Dahil sa malaking pag-ibig ng Dios sa sangkatauhan, ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak, upang ang lahat ng magpasakop sa Kanya ay hindi na mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.

—*Juan 3:16*

"Napakita Ako sa kanila mula sa malayo; sa simula pa'y inibig Ko na sila at patuloy Kong ipinagmamalasakit." —*Jeremias 31:3*

. . . Siya (si Cristo) ang umibig sa atin, at naghugas sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng sarili Niyang dugo. —*Kapahayagan 1:5*

"Ang dalaga'y maglilihi at magsisilang ng isang Lalaki. At ang itatawag sa Sanggol ay Emmanuel" (na ang ibig sabihin ay "sumasaatin ang Dios"). —*Mateo 1:22, 23*

"Matagal na ninyo Akong kasama," sagot ni Jesus, "ngunit hindi mo pa Ako nakikilala...? Kung nakita ninyo Ako, nakita na ninyo ang Ama.... Ako'y nasa Ama, at ang Ama'y nasa akin..." —*Juan 14:9, 10*

"Ako at ang Ama ay iisa."
—*Juan 10:30*

Sa pasimula pa'y naroon na ang Salita. Ang Salita ay kasama ng Dios, at ang Salita ay Dios.... Naging Tao ang Salita at nakipamuhay sa atin sa lupa. Puspos Siya ng kagandahang-loob at katotohanan. Nakita namin ang Kanyang karangalan—na siyang karangalan ng kaisa-isang Anak ng Ama.
—*Juan 1:1, 14*

Ang kumikilalang si Jesus ang Anak ng Dios ay tinatahanan ng Dios at tumatahan sa Dios. *—1 Juan 4:15*

Sumagot ang anghel, "Sasaiyo ang Espiritu at lililiman ka ng kapangyarihan ng Dios. Kaya ang banal na Sanggol na isisilang mo ay tatawaging Anak ng Dios."

*—Lucas 1:35*

...Kay Cristo tumatahan ang buong kapuspusan ng Dios.... *—Colosas 2:9*

...Nakarinig sila ng isang tinig mula sa ulap: "Ito ang pinakamamamahal Kong Anak, na Aking kinalulugdan. Sundin ninyo Siya."

*—Mateo 17:5*

...Ipanganganak ang isang sanggol na lalaki, at Siya ang mamamahala sa atin. Siya ang Kahanga-hangang Tagapayo... Makapangyarihang Dios, Walang Hanggang Ama...Prinsipe ng Kapayapaan. *—Isaias 9:6*

# SINABI NI JESUS KUNG SINO SIYA

"...Kayo'y mula sa ibaba; Ako'y mula sa itaas. Tagarito kayo sa lupa; Ako'y hindi taga-lupa.... Buong taimtim na sinasabi Ko sa inyo, bago pa naging tao si Abraham, Ako'y Ako na!"

—*Juan 8:23, 28*

"Ako ang Ilaw ng mundo."

—*Juan 9:5*

"...Tinatawag ninyo Akong Guro at Panginoon. Mabuti iyan, dahil iyan ang katotohanan. —*Juan 13:13*

Ako ang tinapay ng buhay. Ang lumalapit sa Akin ay hindi na magugutom, at ang nagpapasakop sa Akin ay hindi na mauuhaw."

—*Juan 6:35*

"Ako ang Daan.... Walang makararating sa Ama malibang sa pamamagitan Ko."

—*Juan 14:6*

"Ako ang Muling Pagkabuhay at ang Buhay.... Ang nagpapasakop sa Akin... ay muling mabubuhay."

—*Juan 11:25*

...Sinabi Niya kay Simon, "Pumalaot ka at ihulog mo ang iyong lambat...." "Guro," sagot ni Simon, "magdamag po kaming nangisda subalit wala kaming nahuli. Gayunman, dahil Kayo ang may sabi, ihuhulog ko uli ang lambat." Inihulog nga nila ang lambat, at nakahuli sila ng napakaraming isda.... *—Lucas 5:4-6*

...Sumigaw sila, "Panginoong Anak ni Haring David, maawa Kayo sa amin!"

...Tumigil si Jesus at tinanong sila, "Ano ang maipaglilingkod Ko sa inyo?"

"Panginoon," sabi nila, "Ibig po naming makakita." Nahahabag sa kanila si Jesus at hinipo ang kanilang mata. Nakakita sila kaagad....

*—Mateo 20:30, 34*

Sinabi Niya sa puno (ng igos), "Huwag ka nang magbunga pang muli!" Biglang namatay ang puno. Namangha ang mga alagad. *—Mateo 21:19*

## 6 SI CRISTO'Y MANLILIKHA AT PANGINOON

Kaya namatay at muling nabuhay si Cristo ay upang maging Panginoon Siya ng mga buháy at mga patay.

—*Roma 14:9*

Siya ang maylikha ng lahat ng nasa langit at lupa–mga bagay na nakikita at di-nakikita—mga hari at kaharian, mga pinuno at kapangyarihan. Sa pamamagitan Niya, at para sa Kanya, nilalang ang lahat ng bagay. —*Colosas 1:16*

...Sa mga huling araw na ito ay nagsalita naman (ang Dios) sa atin sa pamamagitan ng Kanyang Anak, na ginawa Niyang tagapagmana ng lahat. Sa pamamagitan ng Anak na ito nilalang Niya ang daigdig. —*Hebreo 1:2*

"Kaya't alamin ng buong Israel na ginawa ng Dios na Panginoon at Cristo si Jesus na inyong ipinako sa krus."

—*Mga Gawa 2:36*

Sumagot si Jesus, "Ako ang Daan, Katotohanan at Buhay. Walang makararating sa Ama malibang sa pamamagitan Ko." —*Juan 14:6*

...Naililigtas Niya nang lubusan ang mga lumalapit sa Dios sa pamamamagitan Niya, sapagkat palagian Siyang na-bubuhay at nakapamamagitan para sa kanila.

—*Hebreo 7:25*

"Ako ang Pintuan. Ang pumapasok sa Akin ay maliligtas...." —*Juan 10:9*

...Ibinigay Niya ang Kanyang sarili para sa atin bilang masamyong handog at hain sa Dios. —*Efeso 5:2*

"...(Ikaw'y) karapat-dapat ...sapagkat (Ikaw'y) pinatay, at ang (Iyong) dugo ang tumubos sa mga tao mula sa lahat ng tribu, wika, bayan, at bansa...."

—*Kapahayagan 5:9*

Ibinigay Niya ang Kanyang sarili...upang matubos Niya tayo sa lahat ng kasamaan.... —*Tito 2:14*

# 8 SI CRISTO ANG TANGING MANUNUBOS

...Itinalaga ng Dios na si Cristo ang maging karunungan, kabutihan, kabanalan, at katubusan natin....

—*I Corinto 1:30*

...Walang ibang makapagliligtas maliban sa Kanya, sapagkat ang Kanyang pangalan lamang ang ibinigay upang magligtas sa mga tao sa ibabaw ng lupa.

—*Mga Gawa 4:12*

...Iniligtas tayo ng Dios mula sa kapangyarihan ng kadiliman, at inilipat tayo sa kaharian ng Kanyang minamahal na Anak. Dahil sa dugo ni Cristong nabuhos, tayo'y natubos na, at napatawad na....

—*Colosas 1:12-14*

Lahat ay pinawawalangsala dahil lamang sa mayamang awa ng Dios...dahil sa pagtubos na ginawa ni Cristo Jesus. —*Roma 3:9*

...Naging daluyan Siya ng kaligtasan para sa lahat ng sumusunod sa Kanya....

—*Hebreo 5:9*

**Lahat tayo'y sa hukuman ng Dios haharap balang araw.** —*Roma 14:10*

**...Sa harap ng Dios at ni Cristo na siyang huhukom sa mga buháy at mga patay....** —*2 Timoteo 4:1*

**"Ihaharap sa Akin ang lahat ng bansa. Papaghihiwalayin Ko ang mga tao, gaya ng ginagawa ng isang pastol sa mga tupa at kambing."** —*Mateo 25:32*

**"...Si Jesus ang itinalaga ng Dios na maging Hukom ng lahat, maging buháy pa o patay na."** —*Mga Gawa 10:42*

**"Walang hinahatulan ang Ama, kundi ipinagkatiwala na Niya sa Anak ang lahat ng paghatol."** —*Juan 5:22*

**...Sa araw na iyon ay hahatulan ng Dios, sa pamamagitan ni Jesu-Cristo, ang lahat ng lihim ng tao.** —*Roma 2:16*

**...Pinawalang-sala na tayo sa pamamagitan ng Kanyang dugong nabuhos....**

—*Roma 5:9*

**Sa Kanya tayo may katubusan, sa pamamagitan ng Kanyang dugo, at may kapa-tawaran tayo ng kasalanan....**

—*Efeso 1:7*

**"...Ang Aking dugo...na nabubuhos upang mapatawad ang mga kasalanan ng maraming tao."**

—*Mateo 26:28*

**...Ang ipinantubos sa inyo... (ay) ang mahalagang dugo ni Cristo na tulad ng isang tupang walang dungis o kapintasan.**

—*1 Pedro 1:18, 19*

**...Kung namumuhay tayo sa kaliwanagan...may pakikiisa tayo sa isa't isa, at nalilinis tayo ng dugo ni Jesus... sa lahat ng kasalanan.**

—*1 Juan 1:7*

**...Malilinis ng dugo ni Cristo ang inyong budhi....**

—*Hebreo 9:14*

...Ito'y nasulat upang sumampalataya kayo na si Jesus ang Cristo...upang... magkaroon kayo ng buhay na walang hanggan.
—*Juan 20:31*

Dahil sa Kanyang kaawaan, naligtas kayo nang magpasakop kayo kay Cristo.... —*Efeso 2:8*

...Yamang pinawalang-sala na tayo dahil sa pananampalataya, may pakikipagpayapa tayo sa Dios, sa pamamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo.
—*Roma 5:1*

..."Magpasakop ka sa Panginoong Jesus at maliligtas ka...." —*Mga Gawa 16:31*

"...Sinasabi Ko sa inyo, ang nakikinig sa Aking salita at sumasampalataya sa nagsugo sa Akin, ay may buhay na walang hanggan at hindi na hahatulan, kundi lumipat na sa buhay mula sa kamatayan." —*Juan 5:24*

**Purihin ang Dios...na siyang Ama ng kaawaan at Dios ng kaaliwan.**

*—2 Corinto 1:3*

**Wala nang ibang Dios na tulad Mo. Pinatatawad Mo ang mga kasalanan.... Hindi Ka nagkikimkim ng galit. Sa halip, ipinadarama Mo... ang tapat Mong pagmamahal.** *—Mikas 7:18*

**Iniligtas Niya tayo, hindi dahil sa anumang kabutihang nagawa natin, kundi dahil lamang sa Kanyang kaawaan.** *—Tito 3:5*

**Ang agwat ng lupa't langit, sukatin ma'y hindi kaya, gayon ang pag-ibig ng Dios sa may takot sa Kanya....**

**...Ang pag-ibig ng Dios ay tunay na walang hanggan, sa sinuman....**

*—Salmo 103:11, 17*

**Pag-ibig Mong walang maliw ay abot sa kalangitan....**

*—Salmo 108:4*

...Tumayo si Jesus at nagsalita nang malakas: "Lumapit sa Akin ang nauuhaw, at uminom!" —*Juan 7:37*

"Lumapit kayo sa Akin—kayong nahahapo at may mabibigat na pasanin—bibigyan Ko kayo ng kapahingahan." —*Mateo 11:28*

"...Gaano man karami ang inyong kasalanan, handa Akong ipatawad ang lahat ng iyan. Kahit na kayo'y maruming-marumi...kayo'y magiging busilak sa kaputian." —*Isaias 1:18*

..."Hayaan ninyong lumapit sa Akin ang mga bata.... Sapagkat ang kaharian ng Dios ay para sa mga katulad nila." —*Marcos 10:14*

"Halikayo! Lumapit ang sinumang...may nais. Halikayo't uminom sa walang-bayad na tubig ng buhay." —*Kapayahagan 22:17*

## 14 HINDI LAHAT NG TAO'Y ANAK NG DIOS

**Sa ganito natin nakikilala ang mga anak ng Dios at ang mga anak ng Diablo: Ang hindi gumagawa ng matuwid ay hindi anak ng Dios. Ang hindi nagmamahal sa kanyang kapatid ay hindi anak ng Dios.**

*—1 Juan 3:10*

**Ang mga pinapatnubayan ng Espiritu ng Dios ang siyang mga anak ng Dios. Hindi espiritung nang-aalipin ang inyong tinanggap, kundi ang Espiritu Santo....**

*—Roma 8:14, 15*

**...Ang lahat...ng tumanggap sa Kanya ay binigyan Niya ng karapatang maging mga anak ng Dios....**

*—Juan 1:12*

**...Sinabi ng Panginoon, "Iwanan ninyo sila at humiwalay kayo sa kanila. Huwag kayong humipo ng anumang marumi, at kayo'y Aking tatanggapin. At Ako'y magiging inyong Ama, at kayo'y magiging Aking mga anak...."**

*—2 Corinto 6:17, 18*

**Hayag ang mga gawa ng laman: malaswang pamumuhay, karumihan, kahalayan . . . paglalasing, pagmamalabis, at iba pang kasamaan. . . . Hindi magmamana ng kaharian ng Dios ang mga gumagawa ng mga iyan.**

*—Galacia 5:22, 23*

**Mamuhay tayo nang matuwid. . . . Huwag tayong magmalabis at magpakalasing. . . . Isuot ninyo ang kabanalan ng Panginoong Jesu-Cristo. Huwag na ninyong pagbibigyan ang masasamang hilig ng laman.**

*—Roma 13:13, 14*

**Kawawa ang mga maagang bumangon at inuman agad ang kanilang habol; hanggang sa makalampas ang dapithapon alak pa ri't alak yaong iniinom.** *—Isaias 5:11*

**Ang alak ay nagpapababa sa dangal ng isang tao kaya kaululan ang magpakalulong dito.** *—Kawikaan 20:1*

# 16 HINDI SAPAT ANG PANINIWALANG TAPAT

Sumagot si Jesus, " 'Ibigin mo ang Panginoon mong Dios nang buong puso, buong kaluluwa at buong pag-iisip.' Iyan ang una at pinakadakilang utos." —*Mateo 22:37*

...Isang lalaki ang...nagtanong, "...Ano po ang kailangan kong gawin para magtamo ako ng buhay na walang hanggan?" Sumagot si Jesus, "...Alam mo ang Kautusan: huwag kang papatay, huwag kang mangangalunya, huwag kang magnanakaw....?" Sumagot ang lalaki, "Guro, maliit pa po ako ay sinusunod ko na ang mga iyan."... "Isang bagay pa ang kulang sa iyo," wika Niya. "Ipagbili mo ang lahat mong tinatangkilik at ipamigay mo sa mahihirap.... At sumunod ka sa Akin." Namanglaw ang mukha ng lalaki, at malungkot na umalis, dahil siya'y totoong mayaman.

—*Marcos 10:17-22*

**Huwag kayong magkakamali ng akala: hindi ninyo madadaya ang Dios. Kung ano ang itanim ng tao ay iyon din ang kanyang aanihin.**

—*Galacia 6:7*

**...Huwag kayong padaya sa kaninuman. Ang gumagawa ng kabutihan ay matuwid.... Ang gumagawa naman ng masama ay sa Diablo....**

—*1 Juan 3:7, 8*

**Hindi ba ninyo alam na ang masasamang tao ay walang bahagi sa kaharian ng Dios? Huwag kayong magkakamali —hindi makapapapasok sa kaharian ng Dios ang mga taong marumi ang pamumuhay, o mapagsamba sa dios-diosan, o mangangalunya, o pumapatol sa kapwa-lalaki, o magnanakaw, o sakim....**

—*1 Corinto 6:9, 10*

**Huwag kayong padaya.... Parurusahan ng Dios ang lahat ng gumagawa ng ganyang mga kasalanan.**

—*Efeso 5:6*

## 18 KAMATAYAN ANG BUNGA NG KASALANAN

**Pumasok ang kasalanan sa mundo dahil sa isang tao, at pumasok ang kamatayan dahil sa kasalanan. (Kaya namamatay ang lahat ng tao—dahil lahat ay makasalanan.)** —*Roma 5:12*

**Kamatayan ang kinahihinatnan ng kaisipang makalaman.... Sapagkat salungat sa Dios...ayaw magpasakop sa Dios at talaga namang hindi maaaring magpasakop sa Dios.** —*Roma 8:6, 7*

**Kapag nagkabunga na ang pagnanasa, nagsisilang iyon ng kasalanan. At ang kinauuwian naman ng kasalanan ay kamatayan.** —*Santiago 1:15*

**Ang taong nasa matuwid ay makasusumpong ng buhay, ngunit ang landas ng masama ay tungo sa kamatayan.** —*Kawikaan 11:19*

**...Kamatayan ang kinauuwian ng kasalanan....** —*Roma 6:23*

...Pinatunayan namang Siya ang makapangyarihang Anak ng Dios...nang Siya'y ibangon mula sa mga patay.

—*Roma 1:4*

...Tumawag (si Jesus) nang malakas, "Lazaro, lumabas ka riyan!" At lumabas nga ang patay.... Nag-utos si Jesus, "Kalagan ninyo siya."

—*Juan 11:43, 44*

"Mahal Ako ng Ama dahil ibinibigay Ko ang Aking buhay, upang kunin Kong muli. Walang makakakuha ng Aking buhay, kundi ibinibigay Ko nang kusang-loob. May kapangyarihan Akong magbigay ng Aking buhay at may kapangyarihan Akong kunin itong muli...."

—*Juan 10:17*

Lumapit Siya sa ataol at hinipo ito. Tumigil ang mga nagpapasan ng ataol. "Binata," sinabi ni Jesus, "magbangon ka!" Naupo ang binata at nagsalita....

—*Lucas 7:14, 15*

"Huwag kayong magkakaroon ng ibang dios maliban sa Akin.

"Huwag kayong gagawa ng larawan ng anuman.... huwag ninyo silang paglilingkuran ni yuyukuran....

"Huwag ninyong babanggitin sa walang kabuluhan ang Aking pangalan....

"Ipangilin ninyo ang Araw ng Pamamahinga....

"Igalang ninyo ang inyong ama't ina....

"Huwag kayong papatay.

"Huwag kayong mangangalunya.

"Huwag kayong magnanakaw.

"Huwag kayong sasaksi nang walang katotohanan.

"Huwag ninyong pagnanasaan ang asawa ng inyong kapwa. Huwag ninyong pag-iimbutan ang kanyang bahay, bukid, alila, baka, asno o alinmang ari-arian niya."

—*Deuteronomio 5:7-22*

**"Walang makapagtatago sa Akin; nakikita ko siya saan man siya pumunta.... Ako'y ...nasa lahat ng lugar."**

—*Jeremias 23:24*

**Saan ako magpupunta, upang ako'y makatakas? Sa Banal Mong Espiritu'y hindi ako makaiwas. Kung langit ang puntahan ko, pihong Ikaw'y naroon, sa Sheol ay naroon Ka kung d'on ako manganlong.... Maging itong kadiliman sa Iyo ay hindi dilim, at sa Iyo yaong gabi'y parang araw na maningning.**

—*Awit 139:7, 8, 12*

**Ang paningin (ng Panginoon) ay nakatuon sa lahat ng lugar, ang masama at mabuti ay pawang minamasdan.**

—*Kawikaan 15:3*

**Walang nilalang na natatago sa Kanyang paningin. Lahat ay...lantad sa paningin ng Dios na ating pagsusulitan balang araw.** —*Hebreo 4:13*

# 22 ANG WALANG HANGGANG KAPARUSAHAN

"Isusugo Ko ang Aking mga anghel at aalisin nila sa kaharian ang lahat ng... gumagawa ng masama. Ihahagis nila sa apoy ang mga iyon, at doon sila tatangis at magdaranas ng matinding paghihirap...."
—*Mateo 13:41, 42*

Ang kasalukuyang langit at lupa ay iniingatan ngayon... para naman sa apoy. Nakatakda iyan para sa araw ng paghuhukom at paglipol sa masama. —*2 Pedro 3:7*

Parurusahan sila nang walang hanggang pagkapahamak. Walang hanggan silang mawawalay sa Panginoon.
—*2 Tesalonica 1:9*

"Ang masasamang iyon ay tutungo sa walang hanggang kaparusahan...."
—*Mateo 25:46*

Lahat ng masama...lahat ng...tumanggi (sa Panginoon) ay mapapapahamak.
—*Awit 9:17*

"...Nagtakda Siya ng araw para hukuman ang lahat ng tao sa pamamagitan ng Lalaking hinirang Niya...."

—*Mga Gawa 17:31*

Naililigtas ng Dios ang mga matuwid mula sa tukso. At naiingatan naman Niya sa ilalim ng parusa ang masasama para sa araw ng paghuhukom. —*2 Pedro 2:9*

...Lahat tayo'y haharap sa hukuman ni Cristo upang tumanggap ng nararapat na kabayaran sa lahat ng ating ginawa.... —*2 Corinto 5:10*

...Itinakda sa mga tao ang mamatay nang minsan at pagkatapos ay ang paghuhukom.... —*Hebreo 9:27*

Nakita ko ang mga patay... na nakatayo sa harap ng trono.... At hinatulan ang mga patay...ayon sa ginawa ng bawat isa.

—*Kapahayagan 20:12*

**Alam ninyo ang kagandahang-loob ng ating Panginoong Jesu-Cristo. Bagamat mayaman, nagpakadukha Siya alang-alang sa inyo—upang mapayaman Niya kayo sa pamamagitan ng Kanyang kahirapan.** —*2 Corinto 8:9*

**. . . Malaki ang pagkakaiba ng kaloob ni Cristo at ng kasalanan ni Adan. Marami ang namatay dahil sa kasalanan ng iisang taong si Adan, subalit marami rin naman ang nagkaroon ng buhay dahil sa kagandahang-loob ng Dios at pagpapala ng iisang Taong si Cristo Jesus.** —*Roma 5:15*

**Ang pinagbabatayan, kung gayon, ay hindi ang pagnanasa o paggawa ng tao, kundi ang kahabagan ng Dios.** —*Roma 9:16*

**. . . Sa pagsagana ng kasalanan ay lalo namang sumagana ang kagandahang-loob ng Dios. . . .** —*Roma 5:20*

Sumagot si Pedro, "Kailangang magsisi kayo at magpabawtismo sa pangalan ni Jesu-Cristo, upang mapatawad ang inyong mga kasalanan. At tatanggapin din ninyo ang Espiritu Santong kaloob Niya."

—*Mga Gawa 2:38*

... Ang kalungkutan ayon sa kalooban ng Dios ay naghahatid sa tunay na pagsisisi, at nauuwi sa kaligtasan....

—*2 Corinto 7:10*

"Kayo man ay mapapahamak din...kung hindi ninyo tatalikdan ang inyong mga kasalanan." —*Lucas 13:3*

...Lumitaw si Juan Bautista sa kaparangan...na nangangaral: "Talikdan na ninyo ang inyong mga kasalanan...!" —*Mateo 3:2*

"...Ngayon ay ipinag-uutos (ng Dios) na pagsisihan na (ng mga tao) ang kanilang mga kasalanan."

—*Mga Gawa 17:30*

**Ang mga gawain ng taong masama'y dapat nang talikdan, at ang mga liko'y dapat magbago na ng maling isipan; Sila'y manumbalik... at mula sa Dios matatamo nila ang kapatawaran.**

—*Isaias 55:7*

**"...Ipinapahayag sa inyo na may kapatawaran kayo ng kasalanan sa pamamagitan Niya. Sa pamamagitan Niya, ang lahat ng sumasampalataya ay pinalalaya na...."**

—*Mga Gawa 13:38*

**"Kung patatawarin ninyo ang mga nagkakasala sa inyo, patatawarin din kayo ng inyong Amang nasa langit."**

—*Mateo 6:14*

**"...Nakasulat na kailangang magdusa ang Cristo... at magbangong muli...at dapat na ipangaral sa lahat ng bansa—simula sa Jerusalem—na kailangan nilang magsisi upang maipatawad ang kanilang mga kasalanan."**

—*Lucas 24:46, 47*

Ang mga bagay na nasa langit ang lagi ninyong pag-isipan, at huwag ang mga bagay na nasa lupa.

—*Colosas 3:2*

Huwag ninyong ibigin ang mundo o alinmang bagay sa mundo. Kung iniibig ng isang tao ang mundo, wala sa kanya ang pag-ibig ng Dios Ama.... Sapagkat ang lahat ng nasa mundo...ay hindi sa Dios Ama galing, kundi sa mundo. —*1 Juan 2:15, 16*

...Nahayag na ang kagandahang-loob ng Dios, na may taglay na kaligtasan para sa lahat ng tao, at nagtuturo sa atin na iwaksi na ang kasamaan at kamunduhan, at mamuhay tayong may kaayusan, matuwid at banal sa kapanahunang ito.

—*Tito 2:11,12*

Huwag kayong makisama sa masasamang gawain ng iba, kundi ipakita ninyo ang kanilang kasamaan.

—*Efeso 5:11*

Sumagot si Jesus, "Buong tapat na sinasabi Ko sa inyo: malibang ipanganak na muli ang isang tao, hindi niya makikita ang kaharian ng Dios.... Kailangang ipanganak kayong muli...." —*Juan 3:3, 7*

...Hindi binhing nasisira ang nagbigay sa inyo ng bagong kapanganakan, kundi binhing walang pagkasira—walang iba kundi ang buháy at walang hanggang Salita ng Dios. —*1 Pedro 1:23*

...Ang lahat ng taong matuwid ang pamumuhay ay Kanyang anak.... Ang isinilang ng Dios ay hindi namamalagi sa kasalanan; iniingatan siya ng Anak ng Dios....

—*Juan 2:29; 5:18*

Kaya nga, ang taong nakay Cristo ay isa nang bagong nilalang. Napawi na ang dating pamumuhay niya, at bago na ang lahat sa kanyang buhay ngayon. —*2 Corinto 5:17*

Noong una'y patay kayo dahil sa inyong mga pagsuway at mga kasalanan. Nabubuhay kayo noon sa kasalanan...subalit...binuhay Niya tayong muli....
—*Efeso 2:2-5*

Pinasan Niya sa sarili Niyang katawan...ang ating mga kasalanan...upang tayo'y makapamuhay nang matuwid. —*1 Pedro 2:24*

Muling binuhay na kayong kasama ni Cristo. Kaya ibigin ninyo ang mga bagay na nasa langit na kinaroroonan ni Cristo.... Sapagkat namatay na kayo at ang buhay ninyo ay nakay Cristo.... —*Colosas 3:2, 3*

Ipinako na sa krus ng mga nakay Cristo Jesus ang masasamang hilig ng laman. Kung nabubuhay tayo ngayon sa kapangyarihan ng Espiritu Santo, Siya rin ang hayaan nating pumatnubay sa atin.... —*Galacia 5:24, 25*

"...Ang nakikinig sa Aking salita at sumasampalataya sa nagsugo sa Akin, ay may buhay na walang hanggan at hindi na hahatulan, kundi lumipat na sa buhay mula sa kamatayan." —*Juan 5:24*

"...Kung paanong itinaas ni Moises sa parang ang ahas, Ako'y kailangan ding itaas (sa krus), upang magkaroon ng buhay na walang hanggan ang lahat ng nagpapasakop sa Akin." —*Juan 3:14, 15*

...Ang walang-bayad na kaloob ng Dios ay buhay na walang hanggan, sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo. —*Roma 6:23*

Ang nagpapasakop sa Anak ay may buhay na walang hanggan.... —*Juan 3:36*

Iniligtas Niya tayo.... Pinawi Niya ang kamatayan at ipinakita Niya ang walang-kamatayang buhay....

—*2 Timoteo 1:9, 10*

**Ang Espiritu Santo ang nagsasabi sa ating espiritu na tayo'y mga anak ng Dios.**
—*Roma 8:16*

**...Yamang tayo'y Kanya nang mga anak, isinugo ng Dios sa ating puso ang Espiritu ng Kanyang Anak, kung kaya't nakatatawag tayo sa Kanya ng "Ama."**
—*Galacia 4:6*

**...Ito ang sinabi ng Dios: binigyan Niya tayo ng buhay na walang hanggan, at ang buhay na ito ay nasa Kanyang Anak. Ang taong kinaroroonan ng Anak ay may buhay.... Sinulat ko ito sa inyo...upang malaman ninyong mayroon na kayong buhay na walang hanggan.**
—*1 Juan 5:11-13*

**Alam nating nananatili tayo sa Kanya, at Siya'y nananatili sa atin, dahil ibinigay Niya sa atin ang Kanyang Espiritu.** —*1 Juan 4:13*

"...Sinasabi Ko ito... upang madama nila sa kanilang puso ang Aking kagalakan." *—Juan 17:13*

"...Magkikita tayong muli, at kayo'y magagalak. At walang makaaagaw ng inyong kagalakan." *—Juan 16:22*

"Sinabi Ko sa inyo ito upang taglayin ninyo ang Aking kagalakan, at upang malubos ang inyong kagalakan." *—Juan 15:11*

...Ang mahalaga (sa kaharian ng Dios) ay kabanalan, kapayapaan, at kagalakan sa Espiritu Santo. *—Roma 14:17*

Mahal ninyo Siya bagamat hindi pa ninyo nakikita. At bagamat hindi ninyo Siya nakikita ngayon, nagpapasakop kayo sa Kanya, at mayroon kayong malaki at maluwalhating kagalakan na hindi kayang ipahayag ng bibig. *—1 Pedro 1:8*

"Sa araw na ito, itatakda ko sa inyo ang pagpapala at sumpa. Pagpapalain Niya kayo kapag sinunod ninyo ang Kanyang mga utos, ngunit susumpain Niya kayo kapag sumamba kayo sa ibang dios sa halip na sumunod sa Kanyang mga utos."

—*Deuteronomio 11:26-28*

...Kung magpapasakop kayo sa kasalanan, aalipinin kayo ng kasalanan. Subalit kung magiging masunurin kayo, sasakupin kayo ng kabanalan. —*Roma 6:16*

Gagantihan Niya ang mga hindi nakakakilala sa Dios at ayaw magpasakop sa Ebanghelyo ng ating Panginoong Jesus. Parurusahan sila ng walang hanggang pagkapahamak....

—*2 Tesalonica 1:8-9*

**...Ipapahayag ng lahat ng dila na si Jesu-Cristo ang Panginoon, sa ikaluluwalhati ng Dios Ama.** —*Filipos 2:11*

**"Ang kumikilala sa Akin sa harap ng mga tao ay kikilalanin Ko rin sa harap ng Aking Amang nasa langit. Subalit ang magkaila sa Akin sa harap ng mga tao ay ikakaila Ko rin sa harap ng Aking Amang nasa langit."** —*Mateo 10:32, 33*

**Ang kumikilalang si Jesus ang Anak ng Dios, ay tinatahanan ng Dios at tumatahan sa Dios.** —*1 Juan 4:15*

**Kung sinasabi ng iyong bibig na si Jesus ay Panginoon, at sumasampalataya ka sa iyong puso...maliligtas ka. Sapagkat sa pagsampalataya ng tao sa kanyang puso, siya'y pinawawalang-sala ng Dios, at sa pagpapahayag niya nito sa kanyang bibig, siya'y naliligtas.** —*Roma 10:9, 10*

**Magpakatalino kayo at alisto, dahil ang Diablong kaaway ninyo ay naglilibot na gaya ng isang leong umuungal at naghahanap ng masisila. Labanan ninyo siya.** —*1 Pedro 5:8, 9*

**"...Sa mula't mula pa ay mámamatay-tao na (ang Diablo), at ayaw niya ng katotohanan dahil wala kahit kaunting katotohanan sa kanya.... Sinungaling siya, at siya ang pinagmulan ng kasinungalingan."** —*Juan 8:44*

**Manangan kayo sa lakas at dakilang kapangyarihan ng Panginoon. Isuot ninyo ang buong kasuotang panlaban na mula sa Dios, upang mapaglabanan ninyo ang mga pakana ni Satanas.** —*Efeso 6:10, 11*

**...Ang mga sandata namin ay hindi mula sa tao kundi mula sa Dios at ito'y makapangyarihang gumiba ng mga kuta ng kaaway.**

—*2 Corinto 10:4*

...Kinuha Niya rin sa Kanyang sarili ang laman at dugo, upang sa pamamagitan ng Kanyang pagkamatay ay malipol Niya ang Diablong may kapangyarihan sa kamatayan. —*Hebreo 2:14*

Ang gumagawa...ng masama ay sa Diablo, sapagkat sa mula't mula pa ay nagkakasala na ang Diablo. Kaya naparito ang Anak ng Dios ay upang sirain ang mga gawa ng Diablo. —*1 Juan 3:8*

"...Upang mabuksan ang kanilang paningin at upang dalhin sila sa kaliwanagan mula sa kadiliman, at sa kapangyarihan ng Dios mula sa kapangyarihan ni Satanas." —*Mga Gawa 26:18*

"Hinatulan na ngayon ang mundo, at palalayasin na si Satanas...." —*Juan 12:31*

...Labanan ninyo ang Diablo at tatakbuhan niya kayo. —*Santiago 4:7*

**Kahit na ako makapagsalita ng iba't ibang wika ng mga tao at mga anghel, para lamang akong kampanang kumakalembang...kung wala akong pag-ibig.** —*1 Corinto 13:1*

**Ito...ang bunga ng Espiritu...: pag-ibig, galak, kapayapaan, tiyaga, kabaitan, kabutihan....** —*Galacia 5:22, 23*

**"Kung mahal ninyo Ako, susundin ninyo ang Aking mga utos."** —*Juan 14:15*

**Ang nagsasabing mahal niya ang Dios subalit namumuhi naman sa kanyang kapatid, ay sinungaling....** —*1 Juan 4:20*

**"Sa gayon malalaman ng lahat ng tao na kayo'y mga alagad Ko—kung kayo'y nagmamahalan."** —*Juan 13:35*

**Alam nating lumipat na tayo sa buhay mula sa kamatayan, dahil minamahal natin ang ating mga kapatid....**
—*1 Juan 3:14*

**Matapos na magbangon si Jesus nang Linggo ng umaga, ang unang pinagpakitaan Niya ay si Maria Magdalena. . . .**
*—Marcos 16:9*

**. . . Hindi si Abraham lamang ang tinutukoy . . . kundi tayo rin . . . (na) nananalig sa Dios na muling bumuhay sa ating Panginoong Jesus, na namatay dahil sa ating mga kasalanan at muling nabuhay para mapawalang-sala tayo.**
*—Roma 4:23- 25*

**"Nasaksihan namin ang lahat ng ginawa Niya sa buong lupain ng mga Judio at sa Jerusalem. Pinatay Siya ng mga tao at ibinayubay sa isang krus. Subalit ibinangon Siya ng Dios sa ikatlong araw. . . ."**
*—Mga Gawa 10:39, 40*

**. . . Si Cristo ay namatay dahil sa ating mga kasalanan, ayon sa sinasabi ng Kasulatan; Siya'y inilibing, at nagbangon nang ikatlong araw, ayon sa Kasulatan.** *—1 Corinto 15:3,4*

**Alam naming ang Dios na muling bumuhay sa Panginoong Jesus ay siya ring muling bubuhay sa amin... at magkakasama tayong ipipisan sa Kanya.** —*2 Corinto 4:14*

**Kung tayo'y naging kaisa Niya sa kamatayan, magiging kaisa rin Niya tayo sa pagkabuhay na mag-uli.**—*Roma 6:5*

**"...Darating ang oras... na maririnig ng mga patay ang tinig ng Anak ng Dios, at lahat ng makakarinig ay mabubuhay.... Darating ang oras na maririnig ng lahat ng nasa libingan ang Kanyang tinig, at sila'y magbabangon...."** —*Juan 5:25, 28, 29*

**Ibabangon muna ang mga mananampalatayang namatay na, at pagkatapos tayo namang nabubuhay pa ay kasama nilang aakyat... upang sumalubong sa Panginoon....**

—*I Tesalonica 4:16, 17*

## 40 ANG KAPUSPUSAN NG ESPIRITU SANTO

"...Ibibigay (ng inyong Ama)...ang Kanyang Espiritu sa lahat ng humihingi sa Kanya." —*Lucas 11:13*

"...Pagdating sa inyo ng Espiritu Santo, tatanggap kayo ng kapangyarihan, at sasaksi kayo tungkol sa Akin...." —*Mga Gawa 1:8*

Pagkatapos nilang manalangin, nayanig ang bahay... at sila'y napuspos ng Espiritu Santo. —*Mga Gawa 4:31*

"...Bibigyan Ko kayo ng Aking Espiritu upang makalakad kayo ayon sa Aking mga tuntunin...."

—*Ezekiel 36:27*

Si Bernabe'y mabait na tao at puspos ng Espiritu Santo at pananampalataya....

—*Mga Gawa 11:24*

Huwag kayong magpakalasing sa alak, na nakasásamâ lamang sa inyo. Kundi magpakapuspos kayo sa Espiritu Santo. —*Efeso 5:18*

"...Dinalaw Niya at dinalhan ng katubusan ang Kanyang bayan...upang iligtas tayo sa ating mga kaaway, at nang sa gayon ay makapaglingkod tayo sa Kanya...sa kabanalan at kabutihan...."

—*Lucas 1:68, 74, 75*

...Yamang taglay natin ang mga pangakong ito... linisin natin ang ating sarili sa lahat ng karumihan ng katawan at espiritu. Sikapin nating magpakabanal...at mamuhay tayo nang may takot sa Dios. —*2 Corinto 7:1*

Bago pa nilalang ang mundo ay pinili na tayo ng Dios na mapabilang sa Kanya, upang tayo'y maging banal at walang kapintasan.... Ibihis ninyo ang bagong pagkataong nilalang sa wangis ng Dios, na nahahayag sa matuwid at banal na pamumuhay.... —*Efeso 1:4; 4:24*

## 42 PAMUMUHAY NANG MAY KABANALAN

Tinuruan namin kayong mamuhay nang kalugud-lugod sa Dios. . . . Sapagkat alam ninyo ang mga utos. . . . Ibig ng Dios na maging banal kayo at layuan ninyo ang pakikiapid. Dapat na matutuhan ninyong lahat na ingatan ang inyong katawan sa kalinisan at karangalan. . . . Sapagkat hindi tayo tinawag ng Dios upang mamuhay sa kahalayan, kundi sa kabanalan. —*1 Tesalonica 4:1-4, 7*

Yamang banal ang Dios na humirang sa inyo, magpakabanal kayo sa lahat ng paraan. Sapagkat sinasabi sa Kasulatan: "Dapat na magpakabanal kayo dahil Ako'y banal."—*1 Pedro 1:15, 16*

Makipamuhay kayong mapayapa sa lahat ng tao, sa buong kabanalan. Sapagkat ang taong hindi banal ay hindi makakakita sa Panginoon. —*Hebreo 12:14*

Tumutulong Siya sa nasisiphayo, ang walang pag-asa'y hindi binibigo. —*Awit 34:18*

"...Ang uri ng tao na mahal sa Akin at nakalulugod ay ang kahabag-habag at mababangloob. Sa Aking salita siya ay may takot." —*Isaias 66:2*

"Kahit ano ay maaaring mangyari, para sa taong may pananampalataya."

—*Marcos 9:23*

Huwag ninyong ipagtaka ang mahigpit na pagsubok.... magalak kayo dahil kung ano ang pakikibahagi ninyo sa mga kahirapan ni Cristo, ay gayon din ang labis na kaligayahan ninyo kapag Siya'y nahayag na....

—*1 Pedro 4:12, 13*

"Kung ang kaharian ng Dios at ang Kanyang kabanalan ang uunahin ninyo sa inyong buhay, ibibigay Niya sa inyo ang lahat ng iyan."

—*Mateo 6:33*

# 44 MGA PANGAKO PARA SA MGA TINUTUKSO

...Dahil nagtiis Siya ng mga tukso at pagsubok, natutulungan Niya ang mga tinutukso at dumadaan sa pagsubok. *—Hebreo 2:18*

...Tulad natin, napagdaanan Niya ang lahat ng uri ng tukso. Hindi nga lamang Siya nagkasala. *—Hebreo 4:15*

Ang taong matuwid, masuliranin man, sa tulong (ng Panginoon) agad maiibsan. *—Awit 34:19*

Alam nating sa lahat ng bagay ay gumagawa ang Dios para sa ikabubuti ng mga umiibig sa Kanya at mga tinawag ayon sa Kanyang nilalayon. *—Roma 8:28*

Wala pang tuksong dumarating sa inyo na hindi kayang paglabanan ng tao. At tapat naman ang Dios—hindi Niya hahayaang matukso kayo nang higit sa kaya ninyong paglabanan....
*—1 Corinto 10:13*

**"Ang magtagumpay ay magmamana ng mga ito. Ako ang magiging Dios niya, at siya'y magiging anak Ko."**
*—Kapayahagan 21:7*

**"Ang magtagumpay ay gagawin Kong isang haligi sa templo ng Aking Dios.... Isusulat Ko sa kanya ang pangalan ng Aking Dios at ang pangalan ng siyudad ng Aking Dios.... Isusulat Ko rin sa kanya ang Aking bagong pangalan."** *—Kapahayagan 2:12*

**"Ang magtagumpay ay bibihisan ng puting damit, at hindi Ko buburahin ang kanyang pangalan sa Aklat ng buhay...."** *—Kapahayagan 3:5*

**"Ang magtagumpay ay bibigyan Ko ng karapatang maupong kasama Ko sa aking trono...."**
*—Kapahayagan 3:21*

**"Ang magtatagumpay...ay bibigyan Ko ng pamamahala sa mga bansa."**
*—Kapahayagan 2:26*

...Ang babaing may asawa ay nakatali sa kanyang asawa habang ito'y nabubuhay. Ngunit kung mamatay na ito, malaya na siya.... Habang buháy pa ang kanyang asawa, magiging isa siyang mangangalunya kung makikisama siya sa ibang lalaki....

—*Roma 7:2, 3*

...Huwag hihiwalay ang babae sa kanyang asawa. Kapag humiwalay siya, kailangang manatili siyang walang asawa, o kaya'y bumalik sa kanyang asawa.... Ang babaing may asawa ay nakatali sa kanyang asawa habang ito'y nabubuhay. Ngunit kung mamatay ang kanyang asawa, maaari na siyang mag-asawa sa iba....

—*1 Corinto 7:10,11, 29*

"Ang lalaking makipaghiwalay sa kanyang asawa at mag-asawa ng iba ay magkakasala ng pangangalunya....

—*Lucas 16:18*

"...Kapag handa na ang lahat, magbabalik Ako at susunduin Ko kayo, upang makasama Ko kayo sa Aking tahanan." —*Juan 14:3*

"...Tatangis ang lahat ng tao dahil makikita nila ang Aking pagdating sa mga alapaap...na taglay ang kapangyarihan at karangalan...." —*Mateo 24:30*

"Kung Ako at ang Ebanghelyo ay ikahiya ng sinuman sa panahong ito.... ikahihiya Ko rin siya sa Aking pagbabalik...." —*Marcos 8:38*

...Ngayon pa man ay mga anak na tayo ng Dios, bagamat hindi pa nahahayag kung magiging ano tayo. Ngunit alam nating kapag nahayag na Siya ay matutulad tayo sa Kanya.... —*1 Juan 3:2, 3*

"Kailangang maging handa rin kayo, sapagkat darating Ako sa oras na hindi ninyo inaasahan." —*Lucas 12:46*

## ANG SALITA NG DIOS

**"Kahit na pumanaw ang langit at lupa, ang mga salita Ko'y hindi papanaw."** *—Lucas 21:33*

**...Hindi sa kagustuhan ng tao nagmula ang Kasulatan, kundi ang naglahad ng Salita ng Dios ay mga lalaking banal na may udyok ng Espiritu Santo.** *—2 Pedro 1:21*

**Lahat ng Kasulatan ay sa Dios galing at napapakinabangan sa pagtuturo, pagsaway, pagtutuwid at pagsasanay sa kabanalan....** *—2 Timoteo 3:16*

## MANALANGIN TAYO

**"...'Ama naming nasa langit, sinasamba po namin ang Inyong pangalan. Nawa'y dumating na ang Inyong kaharian. Nawa'y ang Inyong kalooban na ang masunod sa lupa, tulad ng sa langit. Ibigay po Ninyo sa amin ang aming pagkain para sa araw na ito. At ipatawad po Ninyo ang aming mga kasalanan, gaya ng pagpapatawad namin sa mga nagkakasala sa amin. Huwag po Ninyo kaming dalhin sa tukso, kundi iligtas po Ninyo kami sa masama. Sapagkat sa Inyo ang kaharian, at ang kapangyarihan at ang kaluwalhatian magpakailan man.'"** *—Mateo 6:9-13*

# ANG PARAAN NG KALIGTASAN

***Kailangan ko ang Kaligtasan***

...Ang lahat ay nagkasala....
—*Roma 3:23*

***Namatay si Cristo para sa Akin***

Si Cristo nga'y namatay... dahil sa ating mga kasalanan.... Upang madala Niya tayo sa Dios. —*1 Pedro 3:18*

***Kailangang Talikdan ang Sala***

"Kaya magsisi na kayo at manumbalik sa Dios, upang mapawi ang inyong mga kasalanan...." —*Mga Gawa 3:19*

***Kailangan kong Magpasakop***

...Ang lahat...ng tumanggap sa Kanya ay binigyan Niya ng karapatang maging mga anak ng Dios.... —*Juan 1:12*

***Matitiyak Nating Tayo'y Ligtas***

...Binigyan Niya tayo ng buhay na walang hanggan....
—*1 Juan 5:11, 12*

"...Ang nakikinig sa Aking salita at sumasampalataya... ay may buhay na walang hanggan at hindi na hahatulan...."
—*Juan 5:24*

Ang mensaheng ito ay inilalathala ng World Missionary Press sa maraming iba't ibang wika. Ang ginugugol sa pagpapalimbag ay galing sa Dios, bilang tugon sa panalangin. Kung nais mo ng iba pang mga munting aklat na maipamimigay mo sa iba, sumulat sa amin; sa wikang Ingles, kung maaari. Sabihin kung alin-aling wika ang iyong kailangan, at kung ilan ang ibig mong ipamigay sa iba. Ipaliwanag din kung paano mo ipamimigay ang mga babasahing ito.


**World Missionary Press, Inc.**
**P.O. Box 120**
**New Paris, Indiana 46553-0120 USA**


Philippines


79 Tagalog HFA

10-99